ANO ANG DAPAT ASAHAN KUNG MASUSURI KANG NEGATIBO

Kung negatibo ang iyong pagsusuri at alam mong nagkaroon ka ng malapit na kontak sa isang taong may COVID-19, mangyaring mag-quarantine sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng iyong huling pagkakalantad (exposure) sa tao.
Maaaring umabot ng 2-14 na araw bago lumabas ang mga sintomas.

Gayunpaman, ang sinumang nagkaroon ng malapit na kontak sa isang taong may COVID-19 at nakakatugon sa mga sumusunod na pamantayan ay HINDI kailangang manatili sa bahay.

- Isang tao na nakumpleto na ang mga bakuna (fully vaccinated) at walang ipinapakitang mga sintomas ng COVID-19. Gayunpaman, ang mga taong nakumpleto na ang mga bakuna ay **dapat** magpasuri sa loob ng 3-5 araw pagkatapos ng kanilang pagkakalantad, kahit na wala silang mga sintomas at nagsusuot sila ng mask sa loob ng pampublikong lugar sa loob ng 14 na araw kasunod ng pagkakalantad o hanggang sa maging negatibo ang resulta ng kanilang pagsusuri.

O

- Isang taong may sakit na COVID-19 sa loob ng nakaraang 3 buwan **AT**
- Gumaling na **AT**
- Nananatiling walang mga sintomas ng COVID-19 (halimbawa, ubo, kapos na paghinga)

Manatili sa bahay kung may sakit ka, patuloy na magsuot ng mask at magpanatili ng pisikal na distansya mula sa sinumang hindi mo kasama sa bahay upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagbubukod ng sarili (isolation) o quarantine, https://covid-19.acgov.org/isolation-quarantine

ALAMEDA COUNTY HEALTH CARE SERVICES AGENCY
PUBLIC HEALTH DEPARTMENT

Colleen Chawla – Agency Director
Kimi Watkins-Tartt – Director
Nicholas Moss, MD – Health Officer

Contact
Public Health Department:
(510) 267-8000 Main Line
COVID-19 Information:
(510) 268-2101
www.acphd.org